P Sa oras ng emerhensiya at sakuna

Back to the top of P Emergencies/Disasters

1 Sa oras ng emerhensiya

1-2 Paghahanda para sa oras ng emerhensiya

(1) Personal na kard para sa oras ng emerhensiya

Para sa oras ng emerhensiya, gumawa ng personal na kard kung saan nakalagay ang mga importanteng impormasyon tungkol sa inyong sarili at siguraduhing lagi itong dala. Ang mga kailangang nakalagay na impormasyon sa personal na kard ay ang sumusunod: sariling pangalan, kasarian, araw ng kapanganakan, blood type, tirahan, numero ng telepono sa sariling tirahan, numero ng cellphone, nasyonalidad, numero ng insurance, numero ng alien registration card, numero ng pasaporte, wikang maaaring gamitin, numerong tatawagan sa oras ng emerhensiya at iba pa.

Halimbawa ng personal na kard para sa oras ng emerhensiya

Pangalan	Tirahan			Telepono sabahay o cellphone				
Nasyonalidad	Kasarian	Babae Lalaki	Araw ng Kapanganakan	Taon	Buwan	Araw	Blood type	Type
Numero ng alien registration			Numero ng pasaporte					
Numero ng insurance			Ang maaaring tawagan sa oras ng emerhensiya					
Lingwaheng ginagamit								

(2) Nilalaman ng ulat sa oras ng emerhensiya

Kapag tumawag sa numerong 119 o 110, tatanungin ang inyong kinaroroonan upang mapuntahan ng fire truck o patrol car. Huwag magmadali at mahinahong sabihin ito nang malakas na boses. Sa mga hindi marunong ng wikang Hapon, humingi ng tulong sa mga kakilala o sa mga taong malapit na marunong ng wikang Hapon. Siguraduhing kaya ninyong sabihin ang sariling tirahan sa wikang Hapon. Kapag sinasabi sa pulis ang lugar na kinaroroonan, makakatulong na sabihin din ang mga madaling mapansing bagay na malapit sa inyo.

P Sa oras ng emerhensiya at sakuna

Back to the top of P Emergencies/Disasters

●Kapag tatawag sa bumbero 119

Sabihin ang mga sumusunod:
1 Sunog o emerhensiya
2 Lugar na kinaroroonan
3 Sariling pangalan

Halimbawa ng pagtawag ng ambulansya

Bumbero	Kayo (Ang tumatawag)
	Tumawag sa 119
(1) 119 ito. Sunog ho ba o emerhensiya?	(1) Emerhensiya ito.
(2) Ano pong nangyari?	(2) May aksidenteng naganap sa pabrika. (Sabihin din ang nangyari, tulad ng “naipit”.)
(3) Ano ang lugar na kinaroroonan (adres)?	(3) (Sabihin ang kinaroroonan ng pabrika o kung saan naganap ang aksidente.)
(4) Anong malapit diyan?	(4) Katabi ito ng Public Library.
(5) Ano ang numero ng telepono?	(5) Ang numero ay 1234-5678
(6) Ok.	

P Sa oras ng emerhensiya at sakuna

Back to the top of P Emergencies/Disasters

Halimbawa ng pagtawag ng fire truck.

Bumbero	Kayo (Ang tumatawag)
	Tumawag sa 119
(1) 119 ito. Sunog ho ba o emerhensiya?	(1) Sunog ito.
(2) Ano ang lugar na kinaroroonan (adres)?	(2) (Sabihin ang kinaroroonan o kung saan ang sunog.)
(3) Ano po ang nasusunog?	(3) Nasusunog ang ikalawang palapag ng gusali.
(4) Sige po. Pupunta na ho diyan kaagad.	

●Pagtawag sa pulis 110

Sabihin ang mga sumusunod:
1 Anong nangyari (aksidente o krimen)
2 Lugar na kinaroroonan o kung saan naganap ang aksidente o krimen
3 Sariling pangalan

Kapag may taong nasugatan, maaaring tumawag din sa pulis at sila na ang tatawag ng ambulansya.